Mensahe Walo

## Ang Maraming Iba't Ibang Panig na Karunungan ng Diyos

Babasahin sa Kasulatan: Kaw. 1:2; 8:1-31; 9:10; Roma 11:33; 1 Cor. 1:24, 30; Col. 2:2-3; Efe. 3:10

**I. Ang aklat ng mga Kawikaan ay nagbibigay-diin sa karunungan na natatanggap natin sa Diyos sa pamamagitan ng pakikipag-ugnay sa Diyos—1:2; 2:10; 4:5; 9:10; 11:2b; 14:33a:**

A. Ang paksa ng mga Kawikaan ay ang pamumuhay ng isang makadiyos na buhay sa pamamagitan ng karunungan ng Diyos—3:13-18; 8:11.

B. Ang sentrong kaisipan ng mga Kawikaan ay yaong dapat nating hanapin ang karunungan upang makapamuhay tayo ng isang makadiyos na buhay sa lupa na katanggap-tanggap sa Diyos—2:1-9.

C. Ang karunungan ay nagmumula sa Diyos: "[Si Jehovah] ay nagbibigay ng karunungan; / Sa Kanyang bibig nagmumula ang kaalaman at kaunawaan"—b. 6.

D. Ang karunungan ay mas mahalaga at mas mainam kaysa sa ginto, pilak, at mga hiyas, at mas kanais-nais kaysa sa anupamang bagay—3:14-15; 8:11, 19.

E. Sa ilang bahagi ng mga Kawikaan ang karunungan ng Diyos ay binigyang-katauhan—1:20; 3:19; 4:5-9; 8:1-36:

1. Itong pagbibigay-katauhan sa karunungan ng Diyos ay isang pagtukoy sa ikalawa sa Dibinong Trinidad, na naging karunungan mula sa Diyos sa lahat ng Bagong Tipang mananampalataya—Mat. 11:19; Col. 2:3; 1 Cor. 1:24, 30.

2. "Itinatag [ni Jehovah] ang daigdig sa pamamagitan ng karunungan"—Kaw. 3:19a:

a. Ang Isang ito kung kanino itinatag ni Jehovah ang daigdig at itinatag ang kalangitan ay si Kristo, na siyang karunungan ng Diyos—1 Cor. 1:24.

b. Ang karunungan, bilang punong manggagawa sa paglikha ng Diyos ng lahat ng bagay, ay ang kaluguran ng Diyos—Kaw. 8:30.

c. Ang paglikha ng Diyos sa lahat ng bagay ay sa pamamagitan ni Kristo, na siyang karunungan at kaluguran ng Diyos—3:19; Col. 1:16-17; Heb. 1:2.

**II. Binabanggit sa Roma 11:33a ang karunungan ng Diyos: "O, ang kalaliman ng kayamanan at ng karunungan at ng kaalaman ng Diyos!":**

A. Mahalagang makita ang kaibahan ng karunungan at kaalaman—b. 33:

1. Ang karunungan ay para sa pagpaplano at paglalayon—Efe. 1:9; 3:11.

2. Ang karunungan ay nakikita sa pagpapasimula ng isang bagay, gaya ng ipinahiwatig ng Roma 11:36: "Mula sa Kanya at sa pamamagitan Niya at tungo sa Kanya ang lahat ng bagay."

3. Ang Diyos ang namumukod-tanging Tagapagpasimula: "Isa lamang Diyos, ang Ama, na buhat sa Kanya ang lahat ng bagay"—1 Cor. 8:6a:

a. Pinasimulan ng Diyos ang maraming bagay, hindi sa pamamagitan ng Kanyang kaalaman kundi sa pamamagitan ng Kanyang karunungan—Kaw. 3:19; 8:12, 22-31.

b. Kapag dumarating ang Diyos upang iaplay kung ano ang Kanyang pinasimulan, ipinakikita Niya ang Kanyang kaalaman.

B. Ang karunungan ng Diyos ay ang "karunungan ng Diyos sa hiwaga, yaong naikubling karunungan na itinalaga ng Diyos bago pa ang mga kapanahunan sa ikaluluwalhati natin"—1 Cor. 2:7:

1. Bilang sentro ng Diyos at bilang ating bahagi para sa ating katamasahan, si Kristo ang karunungan ng Diyos sa hiwaga na malalim at mahirap unawain—Roma 11:33.
2. Sa loob ng Diyos ay may karunungan sa isang hiwaga; ang karunungang ito ay nakakubli at itinalaga bago pa ang mga kapanahunan sa ikaluluwalhati natin—1 Cor. 2:7.

C. "Sa iisang Diyos na marunong, sa pamamagitan ni Hesu-Kristo, suma-Kanya nawa ang kaluwalhatian magpakailanman. Amen"—Roma 16:27:

1. Sa mga ekklesia-lokal sa buong mundo, ibinibigay nating lahat ang kaluwalhatian sa iisang Diyos na marunong.
2. Ibinigay ng marunong na Diyos si Hesu-Kristo sa atin ayon sa pahayag ng hiwaga, na iningatan sa katahimikan sa mga panahon ng mga kapanahunan, na siya ring Isa na nagligtas sa atin, nagsilang na muli sa atin, at sa pamamagitan ng Kanyang dibinong pamamahagi ay patuloy na nagpapabago at nagtatransporma sa atin, at sa kalaunan ay magluluwalhati sa atin at magwawangis sa atin sa larawan ng panganay na Anak ng Diyos, dinadala tayo tungo sa kaluwalhatian—b. 25; 3:24-25; 5:10; 8:16, 23, 29; 12:1-2.

**III. Si Kristo ang karunungan ng Diyos—1 Cor. 1:24:**

A. Sa Bagong Tipan ang binigyang-katauhang karunungan ng Diyos ay si Kristo bilang realidad nito— Kaw. 8:1, 12; 9:1; Luc. 2:40, 52; 7:35; Mat. 11:19:

1. Ang karunungan ng pagkadiyos ni Kristo ay inihayag na katumbas sa sukat ng Kanyang paglago sa katawan—Col. 2:2-3; Luc. 2:40, 52.
2. Ipinahihiwatig ng Mateo 11:19b na ang karunungan ay si Kristo:
   a. Anuman ang ginawa ni Kristo ay ginawa sa pamamagitan ng karunungan ng Diyos, na siyang si Kristo Mismo—1 Cor. 1:24.
   b. Ang karunungang ito ay inaring-matuwid, pinagtanggol, ng Kanyang mga marunong na gawain, ang Kanyang mga marunong na gawa.
3. Sinabi ng Panginoong Hesus sa Lucas 7:35, "Ang karunungan ay inaring-matuwid ng lahat ng kanyang mga anak":
   a. Yaong mga nananampalataya kay Kristo ay mga anak ng karunungan, yaong mga nag-aaring-matuwid kay Kristo at sa Kanyang mga gawa at mga sumusunod sa Kanya bilang kanilang karunungan.
   b. Ang gawain ni Kristo ay ang ibunga tayo bilang mga anak ng karunungan na nagpapahalaga sa buhay ng karunungan.

B. Kay Kristo "ang lahat ng kayamanan ng karunungan at ng kaalaman ay nakatago"—Col. 2:3:

1. Ang Diyos ang namumukod-tanging pinagmumulan ng karunungan at kaalaman:
   a. Kailangan nating taluntunin ang karunungan at kaalaman sa totoong pinagmumulan ng mga ito sa loob ng Diyos—1 Cor. 8:6.
   b. Ang lahat ng kayamanan ng karunungan at kaalaman ay nakatago sa loob ni Kristo, na siyang hiwaga ng Diyos—Col. 2:2-3.
2. Ang katotohanan na ang karunungan at kaalaman ay naisakatawan kay Kristo ay pinatutunayan ng Kanyang mga binigkas na salita, lalo na yaong mga nakatala sa mga Ebanghelyo nina Mateo at Juan:
   a. Ang mga salita ng Panginoon na nakatala sa dalawang aklat na ito ay naglalaman ng pinakamataas na pilosopiya.
   b. Ang konsepto sa mga salita ng Panginoon ay malalim at mahirap unawain.

3. Yamang ang karunungan at kaalaman ay nakaimbak kay Kristo bilang kayamanan, hindi tayo magkakaroon ng karunungan at kaalaman malibang mataglay natin si Kristo—Col. 1:27; 3:4, 10-11.
4. Kung eensayuhin natin ang ating katauhan na kaugnayin ang Panginoon, titigmakan ni Kristo bilang Espiritung nagbibigay-buhay ang ating espiritu at ating kaisipan, at magkakaroon tayo sa ating karanasan ng karunungan at kaalaman na nakatago kay Kristo—2:3.

**IV. Bilang mga mananampalataya, tayo ay na kay Kristo, at si Kristo ay naging karunungan sa atin mula sa Diyos—1 Cor. 1:30:**

A. Kung ano tayo na mga mananampalataya, bilang bagong nilikha, at kung ano ang taglay natin ay sa Diyos, hindi sa ating sarili—Roma 11:36.

B. Bilang ating karunungan, si Kristo ay nagpapaloob ng lahat, na nagiging karunungan sa atin mula sa Diyos sa katuwiran, pagpapabanal, at katubusan—1 Cor. 1:30:

1. Sa pamamagitan ni Kristo bilang ating katuwiran, tayo ay inaring-matuwid ng Diyos upang tayo ay maipanganak na muli sa ating espiritu upang matanggap ang dibinong buhay—Roma 5:18.
2. Sa pamamagitan ni Kristo bilang ating pagpapabanal, napapabanal tayo sa ating kaluluwa, yaon ay, natatransporma sa ating kaisipan, damdamin, at pagpapasya sa pamamagitan ng Kanyang dibinong buhay—6:19, 22; 12:2; 2 Cor. 3:18.
3. Si Kristo bilang ating katubusan ay para sa katubusan ng ating katawan, kung saan tayo ay babaguhing-anyo sa ating katawan sa pamamagitan ng Kanyang dibinong buhay upang mataglay ang Kanyang maluwalhating wangis—Roma 8:23; Fil. 3:21.

C. Ang *sa atin mula sa Diyos* sa 1 Corinto 1:30 ay tumutukoy sa isang bagay na kasalukuyan, praktikal, at nararanasan sa paraan ng paghahatid:

1. Upang si Kristo ay maging karunungan sa atin mula sa Diyos ay nagpapahiwatig na may isang paghahatid ng Kristo bilang karunungan mula sa Diyos tungo sa atin para sa ating pang-araw-araw na karanasan—b. 30.
2. Si Kristo bilang karunungan ay dapat walang patid na dumaloy mula sa Diyos tungo sa atin upang maging ating kasalukuyan at praktikal na karunungan sa ating karanasan.
3. Kung mananatili tayo sa Panginoon upang matanggap ang Kanyang pamamahagi (Juan 15:4-5), Siya ay maihahatid tungo sa atin bilang karunungan upang pangalagaan ang iba't ibang suliranin at bagay-bagay.
4. Kung kaisa tayo ng Panginoon at tinatanggap ang Kanyang pamamahagi, mararanasan at matatamasa natin Siya bilang ating karunungan araw kada araw at oras kada oras—1 Cor. 6:17; 1:30.

**V. Sa pamamagitan ng ekklesia ang maraming iba't ibang panig na karunungan ng Diyos ay maipaaalam sa mga pinuno at mga awtoridad sa sangkalangitan—Efe. 3:10:**

A. Ang mga pinuno at mga awtoridad ay ang mga pinunong anghel at mga awtoridad, kapwa mabuti at masama.

B. Ang Efeso 3:10 ay sadyang tumutukoy sa mga masama—si Satanas at ang kanyang mga anghel:

1. Si Satanas ay may kanyang kaharian, kanyang mga anghel, at kanyang kinasasaklawan ng pamumuno—Mat. 12:26; 25:41; Efe. 6:12:
   a. Ang kinasasaklawan ng pamumuno ni Satanas ay sa himpapawid at sa lupa—2:2; 1 Juan 5:19.

        b. Ipinahihiwatig ng aklat ng Daniel na ang lahat ng bansa sa lupa ay nasa ilalim ng pamumuno ni Satanas sa himpapawid—10:13.
    2. Sa pamamagitan ng ekklesia ay maipaaalam ng Diyos ang Kanyang karunungan hindi pangunahing sa mga mga tao kundi yaong sa mga mapagrebeldeng anghel na mga tagasunod ng kaaway ng Diyos—Apoc. 12:7.

C. Maging ang pagrerebelde ni Satanas ay nasa loob ng kinasasaklawan ng karunungan ng Diyos—Isa. 14:12-14:
    1. Kung hindi dahil sa pagrerebelde ni Satanas, hindi maipaaalam ang karunungan ng Diyos sa isang ganap na paraan.
    2. Lumikha si Satanas ng maraming pagkakataong maipakita ang karunungan ng Diyos sa maraming iba't ibang panig na paraan, yaon ay, sa iba't ibang paraan at aspekto at mula sa maraming anggulo—Efe. 3:10.
    3. Kalaunan, si Satanas, ang kaaway ng Diyos, ay masusupil at malalaman ang maraming iba't ibang panig na karunungan ng Diyos—b. 10.

D. Kapag nakikibahagi at tinatamasa ng pinili at tinubos na bayan ng Diyos ang kayamanan ni Kristo, ang kayamanang ito ang bubuo sa kanila bilang ekklesia, kung saan ang maraming iba't ibang panig na karunungan ng Diyos ay maipaaalam sa mga pinunong anghel at mga awtoridad sa sangkalangitan—bb. 8-10:
    1. Darating ang araw kung kailan, sa pamamagitan ng ekklesia, si Satanas at ang kanyang mga anghel ay mapapahiya.
    2. Matatanto nila na ang lahat ng bagay na kanilang ginawa ay nagbigay sa Diyos ng pagkakataong maipakita ang Kanyang karunungan.

**VI. Ang Bagong Herusalem, bilang sukdulang kaganapan ng ekklesia, ay mapupuno ng karunungan—Apoc. 1:11; 21:2, 9-11; 22:16:**

A. Ang Bagong Herusalem ay idinisenyo at itinayo ng Diyos, ang Arkitekto at Tagapagtayo ng "lunsod na may mga pundasyon"—Heb. 11:10:
    1. Nagpapahiwatig ito na ang Diyos ay isang bihasang Tagapagdisenyo at pinakamahusay na Artesano.
    2. Bilang gayong Arkitekto at Tagapagtayo, tiyak na ang Diyos ay hindi nagdisenyo at nagtayo ng isang pisikal na lunsod—Apoc. 21:9-11.
    3. Ang sabihing ang Bagong Herusalem ay isang pisikal na lunsod ay nagpapababa ng halaga sa karunungan ng Diyos at minamaliit Siya bilang walang hanggan, marunong na Arkitekto—Heb. 11:10.
    4. Idinisenyo at itinayo ng Diyos ang isang espiritwal na entidad para sa Kanyang sama-samang kahayagan—Apoc. 21:9-11.
    5. Sa Kanyang karunungan ay itinatayo ng Diyos ang Bagong Herusalem sa pamamagitan ng pamamahagi ng Kanyang sarili bilang Arkitekto at Tagapagtayo tungo sa ating katauhan—Heb. 11:10; 2 Cor. 13:14; Apoc. 21:2; 22:1-2.

B. Kung matatanto natin na ang Bagong Herusalem ay isang tanda na sumasagisag sa mga espiritwal at dibinong bagay, sisimulan nating makita ang karunungan ng Diyos sa lunsod na ito—1:1; 21:9-11.

C. Ang Diyos ay isang marunong na Arkitekto at Tagapagtayo na nagdidisenyo at nagtatayo ng gayong lunsod upang maging ganap na pagpapakita ng Kanyang maraming iba't ibang panig na karunungan—Efe. 3:10; Apoc. 21:2, 9-11.

*© 2020 Living Stream Ministry*